



# MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-20 ng Pebrero, 2020

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

## KAILANGAN PA RIN NG MGA MANGGAGAWA SA BOTOHAN PARA SA ELEKSYON SA IKA-3 NG MARSO

Ang Pampanguluhang Primaryang Eleksyon ay sa Martes, Ika-3 ng Marso at ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay kailangan pa rin ng mga manggagawa sa botohan sa buong county.

Sa partikular, mayroong pangangailangan para sa mga karagdagang manggagawa sa botohan sa Alpine, Clairemont, Del Mar Heights, Descanso, El Cajon, Julian, La Jolla, La Mesa, Linda Vista, Mira Mesa, Rancho Bernardo, Santee, Rancho Peñasquitos, Tierrasanta, UCSD at University City.

Ang mga bilingguwal na manggagawa sa botohan na mahusay magsalita ng English at isa o higit sa isang mga sumusunod na mga wika ay kailangan sa mga lungsod at kapitbahayan na ito:

**Arabic:** El Cajon

**Korean:** Carmel Valley, Del Mar Heights, UCSD, University City

**Chinese:** Carlsbad, Centre City, City Heights, Clairemont, Chula Vista, Escondido, Hillcrest, Linda Vista, Mira Mesa, Oceanside, Otay, Rancho Bernardo, Rancho Peñasquitos, Scripps/Pomerado, Serra Mesa, University City, Vista

**Filipino:** Bonita, Chula Vista, Encanto, Encinitas, Escondido, Mira Mesa, National City, Nestor, Oceanside, Otay, Poway, Rancho Bernardo, San Ysidro, Rancho Peñasquitos Scripps, Spring Valley, Solana Beach

**Spanish:** Chollas, Centre City, City Heights, Clairemont, El Cajon, Encanto, Encinitas, Escondido, Fallbrook, La Mesa, Lakeside, Lemon Grove, Linda Vista, Mira Mesa, Poway, Ramona, Santee, San Marcos, Southeastern San Diego, Solana Beach, Spring Valley, Rancho Peñasquitos



# MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN  
Ika-20 ng Pebrero, 2020

**Vietnamese:** Bonita, Carlsbad, Chollas Park, Chula Vista, El Cajon, Encanto, Encinitas, Escondido, La Mesa, Lakeside, Lemon Grove, Linda Vista, Mira Mesa, North Park, Oceanside, Rancho Bernardo, Rancho Peñasquitos, San Marcos, Scripps Pomerado, Serra Mesa, Solana Beach, University City, Southeastern San Diego, Vista

Ang mga manggagawa sa botohan ay tumatanggap ng stipend na mula \$100 hanggang \$175 depende sa pagtatalaga. Ang iyong mga bilingguwal ay tumatanggap ng karagdagang \$15 kung sila ay espesipikong maitatalaga na magbigay ng tulong sa wika sa mga botante. Ang mga manggagawa sa botohan ay dapat nakarehistrong mga botante sa estado ng California o dapat ay permanenteng mga residente sa Estados Unidos at mayroong transportasyon papunta sa kanilang itinalagang lokasyon ng botohan. Kakailanganin din nila ng access sa internet upang kumpletuhin ang online na pagsasanay at dumalo sa isang 2-oras na klase.

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay inire-require ng pederal na batas na maglagay ng mga bilingual speaker at mga materyales sa pagboto para sa mga botante na nagsasalita ng Spanish, Filipino, Vietnamese at Chinese. Isang survey na isinagawa ng University ng California, Berkeley ang nagpakita ng pangangailangan para sa mga nagsasalita ng Arabic at Korean sa humigit kumulang na mga 90 na presinto, kaya ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagre-recruit din ng mga manggagawa sa botohan na bilingguwal sa mga wikang iyon para sa eleksyon sa Ika-3 ng Marso. Kung kayo ay bilingguwal sa alinman sa isa sa anim na mga espesipikong wika, ang Tagapagrehistro ay hinihingi ang inyong tulong sa eleksyon.

Ang mga inaasahang maging manggagawa sa botohan ay maaaring mag-apply online sa [sdvote.com](https://sdvote.com). Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa (858) 565-5800 o mag-email sa [pollworker@sdcounty.ca.gov](mailto:pollworker@sdcounty.ca.gov).



COUNTY NG SAN DIEGO

# MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN  
Ika-20 ng Pebrero, 2020

###

COUNTY**NEWS**CENTER

